

UPON #2/2023 (FIL)

Panayam kay Padmapani L. Perez, dating Lead Strategist for Creative Collaboration mula sa Agam Agenda (Quezon City), at kina Carissa Pobre at Maria Faciolince, mga dating miyembro

Pagtatahi ng imahinasyon nang may mga anyo ng kolaborasyon para sa malikhaing pagpapahayag: ang paglikha bilang katuwang

Bagaman maraming bahagi ang Agam Agenda, ang Agenda mismo ay tungkol sa pagpaparami ng tagapakinig ng mga kuwento tungkol sa krisis sa klima at pagbibigay-daan sa mas maraming boses at anyo ng pagpapahayag upang makasali ang mga ito sa usapin ng klima.

Sa nakaraang tatlo hanggang apat na taon, ang aming grupo ng manlilikha na pinamumunuan ng kababaihan ay nagdisenyo, nagpayabong, at nagsagawa ng mga inisyatiba ng Agam Agenda. Ang aming gawain ay nakatuon sa pagsasanib ng mga artista o manlilikha, manunulat, at mga aktibista sa klima mula sa iba't ibang lugar para sa malikhaing kolaborasyon. Hindi na kami bahagi ng Agam Agenda ngayon, pero patuloy ang pangangarap sa mas magandang bukas para sa lahat.

Padma: Ang pangalan ko ay Padma, at narito ako para magbahagi ng kaunting impormasyon tungkol sa aming dating gawain na tinatawag na Agam Agenda.

Ang agam ay isang lumang salita mula sa wikang Tagalog, ang kahulugan nito noon ay alaala o ang kakayahang mag-isip. Ngayon, kapag sinabi nating agam-agam, parang sinasabi mo na ikaw ay may pangamba o pakiramdam na may masamang magaganap. Natanggap namin ang imbitasyon mula kina Lorene at Valeria na makipag-usap sa Urbane Praxis noong kami ay paalis na sa Agam Agenda bilang isang grupo, kaya't ngayon ay nakikilahok kami sa UPON bilang isang pangkat ng mga indibidwal, kumbaga ay hiwalay na sa Agam Agenda.

Ngayon, ang Agam Agenda ay nasa ilalim pa rin ng Institute for Climate and Sustainable Cities. Narito ang aking mga kasama: sina Maria Faciolince at Carissa Pobre na kasama natin ngayon, at kasama rin namin sina Anna Denardin, Jenny Cariño, Aina Eriksson de Guia, Mattie Balagat, Julia Javier, at Dru Ubaldo. Sila ang mga indibidwal na malikhain, matapang, masipag, at matalino, at siyang bumubuo sa isang napakahusay na pangkat. Sama-sama kaming naglingkod para maisakatuparan ang aming gawain at maparami pa ang tagapakinig ng aming mga kuwento tungkol sa climate change. Hinangad naming palakasin ang sining at naghanap din kami ng mga paraan kung paano pa maaaring talakayin ang krisis sa klima sa paraan na malikhain, nakapagbibigay-inspirasyon, at may puso. Nakipagtulungan kami sa mga scientist, kabataan, artista, makata, aktibista, at mambabatas upang gumawa ng malikhaing mga proyekto at kolaborasyon.

UPON #2/2023 (FIL)

UPON: Salamat Padma, natutuwa kami na nakipag-ugnayan kami sa iyo kaagad. Sa mga unang usapan natin ay ipinaliwanag mo na ang Agam Agenda



Jogjakarta mural by Tamarra and Bodhi IA

ay nakatuon sa bokabu-laryong ginagamit sa mga tula at teksto na may kinalaman sa epekto ng climate change at danas ng mga tao. Binanggit mo rin na iniawasan mo ang paggamit ng jargon. Binasa rin namin ang artikulo ni Carissa Pobre, "The necessity of creative inquiry in troubled times," na na-publish online sa website ng Agam Agenda, inaanyayahan namin ang lahat na basahin din ito. Sa panahon na maligalig, paano makakapag-ambag ang masini-

ng na pagsasalaysay at malikhaing pagsusuri para sa muling pagsusulat at pag-impluwensiya tungkol sa mga patakaran na may kinalaman sa klima?

Padma: Kung pag-uusapan lang natin ang krisis sa klima sa lente ng siyensiya o sa wika ng mga mambabatas, para bang napakalayo nito sa pang-araw-araw na danas ng maraming tao. Ngunit gaya ng batid at naranasan natin, ang krisis sa klima ay isang existential crisis para sa ating lahat sa buong mundo. Sa Agenda, lumayo kami sa pakikipag-communicate na gamit ang teknikal na wika. **Sa halip ay hinikayat namin ang mga tao na magpahayag ng kanilang karanasan tungkol sa climate change sa pamamagitan ng tula at sining. At naging paraan din ito para harapin ng tao ang ilan sa mga napakahirap na emosyon na kaugnay ng ating pag-iisip tungkol sa mga epekto ng climate change para sa ating lahat.** Ang gawain ni Carissa ay tumatalakay rin tungkol dito.

Carissa: Nakipagtulungan kami sa iba't ibang decision-making venues sa buong mundo kaugnay ng negosasyon at mga patakaran sa klima. Ang halaga ng pagpoproseso sa pamamagitan ng malikhaing pagsusuri at malikhaing pananaw ay para maisip natin kung ano nga ba ang maaari nating makuha mula mismo sa sining—mga kaalaman at iba't ibang uri ng impormasyon na posibleng mas somatiko/pisikal o dumadaan sa ating pandama. Sa loob ng mga emosyonal na kalagayang gaya nito, posibleng mas marami tayong mapagtuunan ng pansin, at sa pamamagitan ng mas masining na punto de bista, mas mauunawaan natin kung ano talaga tayo. **Ang malikhaing pagsusuri ay kadalasang nagaganap sa konteksto ng panahon at espasyo... hindi lamang tugon o isang output ang sining, ito rin ay isang makapangyarihang espasyo.**

UPON #2/2023 (FIL)

Ang malaking bahagi ng aming gawain sa Agam nitong nakaraang tatlong taon ay tungkol sa pagbuo at pagsubok ng iba't ibang paraan ng sama-samang paglikha ng mga espasyo ng sining sa iba't ibang antas ng saklaw o paraan, gaya ng murals, digital exhibitions, community festivals, aklat, atbp. Ito ay tungkol talaga sa pagtingin sa kanila sa kanilang kontekstuwal na kaugnayan, at ang kanilang kaugnayan sa iba pang anyo ng kaalaman at perspektibo.

Padma: Kapag sinabi natin na sa pamamagitan ng malikhaing pagsusuri ay naisip natin ang mas magandang bukas, ito ay katulad din ng pagbabasa natin sa isang libro na tungkol sa isang lugar na napakaganda, pinapangarap na nating manirahan doon. Pero hindi naman talaga umiiral itong lugar na ito sa ating reyalidad, na-imagine lamang ito ng ibang tao para sa atin. Ang pag-i-imagine na iyon ay nagpapakita ng



By AC Dimatac

posibilidad na puwedeng maging totoo ang lugar na iyon. Para sa amin, ito ang malikhaing pagsusuri o creative inquiry. Ipinapakita nito na may mga posibilidad na maaaring hindi natin naisip, lalo na kung tayo ay nalulunod sa mga hamon ng pang-araw-araw na buhay. Para sa marami ay napakahirap nitong gawin, ang creative inquiry. Kaya sa tingin ko, mahalaga rin na magprotesta tayong may pribilehiyo at panahon para sa malikhaing pagsusuri; dahil ang

kakayahan na magsagawa ng malikhaing pagsusuri ay isang pribilehiyo.

UPON: Napag-ugnay-ugnay ninyo ang mga manlilikha sa isa't isa, at napagsama-sama ninyo rin ang iba't ibang tinig upang silang lahat ay makapag-ambag sa pamamagitan ng sari-saring format. Paano ninyo napagana ang collaborative process na ito at paano ninyo inihain ang mga ito sa publiko?

Padma: Sa aming mga naunang kolaborasyon, nagpadala kami ng pictures sa mga manunulat at hiniling namin ang kanilang tugon sa mga ito. Unang beses naming sinubukan ito sa aklat na Agam: Filipino Narratives on Uncertainty and Climate Change, at pagkatapos ay ginamit uli namin ang prosesong ito para sa aklat na Harvest Moon. Sa pamamagitan ng mga editor ng mga aklat na ito, nanawagan kami ng mga picture mula sa Africa, Asia, at Latin America. Pagkatapos ay pumili kami ng 30 pictures na ipinamahagi namin sa mga manunulat at hiniling namin sa kanila na huwag tumugon sa picture sa pamamagitan ng pag-iisip ng caption. Tingnan nila kung saan sila dadalhin ng picture na kanilang makikita. Ito ang prosesong nangyari sa libro, at nagtuloy din, kahit paano, ang prosesong ito sa When is Now.

UPON #2/2023 (FIL)

Maria: Tingin ko, ang Harvest Moon at ang format nito ay naging daan para matahi at mahabi ang mga ugnayan at kuwento sa isa't isa. **Ang maituturing na makapangyarihang simbolo, na nagsilbing angkla sa aming mga likha, ay isang binhi na naglalakbay, tulad ng mga binhi ng dandelion o burr. May magsasaboy ng binhi, sasama ito sa hangin, didikit o dadapo sa kandungan ng kung sino, at siya na ang bahala na buhayin ito. Itanim natin ito, o kung ano man. Sa ganitong paraan, ang mga kuwento ay naihasik, kaya nagkakaroon ng sunod-sunod at dugtong-dugtong na pollination.**

Ginamit din namin ang ganitong pamamaraan sa “When Is Now” na isang global collaborative campaign. Nagsimula ito nang hilingin namin sa ilang tao sa aming network at sa mga tao na dati naming naka-collaborate na sumulat sila ng maikling tula na nagsisimula sa salitang ‘kailan’. Iyon ang binhi na aming pinabasa sa mga aktibista, muralist, at makata, doon sila namili ng isang linyang tutugunan nila. Sa huli, nagkaroon kami ng tila malapad na telang hinabi at binuo ng sari-saring tugon at kuwento na nagsimulang makipag-ugnayan sa bawat isa. Sa ngayon, may mga mural sa Canada, Indonesia, South Africa, Colombia, Philippines, at India na tugon sa isa sa mga binhing tula. Nagbukas kami ng posibilidad para sa publiko na tumugon din sa pamamagitan ng isang open call.



By Aila Molasco

UPON: Padma, binanggit mo sa umpisa ng panayam ang senescence. Baka puwede mong palawigin kung paano naging konektado ang senescence sa Agam Agenda?

Padma: Sa una nating pag-uusap, binanggit ko ang icon namin, ang octopus. Pinangalanan namin s’yang Octavia, bilang pagkilala sa manunulat ng science fiction na si Octavia Butler. Napili naming simbolo ang octopus dahil gusto naming itulad ang aming mga likha sa mga katangian ng isang octopus: umaangkop ang hugis sa kaligiran nito, nakakalutas ng suliranin, at may kakayahang maihiwalay at mapatubo ang mga galamay. Matatalino silang nilalang, partikular na sa science. Nakagagawa din sila ng tinta, at isa ‘yon sa gusto naming maging katangian. Ang hindi namin alam no’ng ginamit naming simbolo ang octopus sa gawain namin sa Agenda, ‘yong pinagdadaan pala nitong proseso ay tinatawag na senescence. At ito ay pinagdadaan ng isang nanay na octopus. Kapag nangitlog ang nanay na octopus,

UPON #2/2023 (FIL)

simula na rin 'to ng pagkamatay niya. Ang buong proseso ng pagtanda ng octopus ay simpleng paraan para tukuyin ang senescence. Pinoprotektahan ng nanay na octopus ang kaniyang mga itlog hanggang mapisa ang mga ito. Puwede siyang mamatay bago mapisa ang mga itlog, puwede rin siyang patuloy na mabuhay ngunit hanggang sa mapisa lamang ang lahat ng kanyang itlog, na maaaring umabot hanggang kalahating milyon ang bilang. Kami, bilang isang team, ay dumating din sa punto kung saan kailangan naming bitawan ang mga likha namin, kahit hindi kami sigurado sa mangyayari sa mga ito. Patuloy na lamang kaming umasa na sa 500,000 na itlog ay mayroong porsiyento nito na kahit papaano ay mabubuhay at siyang magpapatuloy ng siklo. Ang isang aral na makukuha natin sa senescence ay hindi ito pagbuway ng katawan o pagkasira ng mga likha o isang uri ng pagkabigo. Ito ay parte ng ebolusyon. Bilang aktibista at cultural worker, tingin ko, minsan ay hindi tayo komportable sa kaisipan na may katapusan ang ating mga gawain, dahil pinaninindigan nating mahalaga ang ating gawain.

Nang pinagmunihan ko ang konsepto ng senescence at ang mga pagwawakas bilang bahagi ng buhay, naisip ko kung paano ito mailalapat sa ating trabaho, sa mga dedikasyon natin sa ating mga ginagawa, at sa paraan kung paano nito mapapalago ang lahat ng ating pinaghirapan: minsan, kailangan ding maging handa tayo na bumitaw sa lahat ng ito.



By Maria Faciolince

Audience: Paano mo nahanap ang network mo at paano mo inimitahan ang mga tao na mag-ambag sa inyong proyekto?

Padma: Nang magpasya kaming likhain ang Harvest Moon, nagsimula kaming mag-establish ng ugnayan sa kapwa. **Halimbawa, kapag nagustuhan namin ang likha ng isang tao, kakausapin namin siya at iimitahan na sumali sa 'ming ginagawa.**

Maria: Hindi namin nilimitahan ang mga sarili namin sa isang sektor, o sa isang propesyon, o sa isang disiplina. Tiningnan namin ang mga personal na network sa iba't ibang espasyo kagaya ng mga aktibista na hindi manunulat o makata o artist, pero may mga ginagawa naman para sa kasalukuyang usapin. Isinama rin namin ang ilang muralist o visual artist. Hinihikayat namin ang mga tao mula sa iba't ibang sining,

UPON #2/2023 (FIL)

gawaing pangkultura, climate justice, sari-saring network upang mag-ambag. Hindi namin nilimitahan ito sa uri lamang ng tao na inaasahan naming magiging katuwang dito o inaasahan ng ibang tao na magiging katuwang dito.

UPON: Ano ang mga aral tungkol sa paglikha, sining at pagkamalikhain ang ibinigay sa 'yo ng Agam Agenda para sa sariling mong sining?

Padma: Puro collaborative na ang gusto kong gawin. Tuwing nakakaisip ako ng puwedeng gawin, iniisip ko kung paano ito magagawa nang may katuwang at sino ang makakasama ko rito? At pag-ibig na ang aming dahilan para isakatuparan ang mga bagay-bagay.

Carissa: Nailinya at nahikayat na sumama sa amin ang ilang partners na nag-aambag din ng dunong mula sa kani-kanilang disiplina sa mga gawain, kasama na rito ang kanilang anthropological at sociological approaches. Ang climate change ay nakatali talaga sa mga panlipunan at politikal na reyalidad, dahil sa mga sistemang dominante, hindi ito karaniwang pinag-uusapan. Ito ay ang mga sistemang ang tanging gusto ay patuloy lamang na lumakas sila, tama ba? **Kaya sa loob ng tatlong taon, bahagi talaga ng nagpaganda sa proseso ng unlearning at relearning ay ang kaalaman na may iba pang disiplina at iba pang paraan para harapin at aralin ang mga bagay-bagay, kasama at kasabay na rito ang tinatawag nating malikhaing proseso o malikhaing paraan.**

Maria: Sa 'kin naman, tingin ko, ang mas malalim na pag-unawa sa tinatawag nating cultural work ay repleksiyon ng ating kultural na pag-unawa sa mahahalagang bagay, kagaya ng pagbabalik sa mismong mga sistema at relasyon na nagpapanatili ng buhay. Ang mga ito ay isang malaking bahagi ng mga gawain para sa climate justice at pagpapatatag ng pagkakaisa na pinaglilingkuran nating lahat. **Ang cultural expressions ng mga pag-unawa na ito ay importante para maintindihan natin ang isa't isa at para maintindihan ang uri ng pluriverse na kinapapalooban natin. Marahil, ang pagbabahagi ng mga ideya at paraan ng pagtingin sa mundo ay nagbibigay-daan sa atin para sabay-sabay tayong umunlad habang iniisip ang kapakanan ng ating kapwa.** Para sa 'kin, napakahalagang makita kung paanong ang lahat ng ating kolaborasyon na umaabot sa iba't ibang lupain at katubigan ay parte ng mas malaking proseso ng paghilom at pagkatuto mula sa isa't isa: ito ay ang pag-asikaso sa kabutihan na para sa lahat, kung saan katuwang natin ang sining at pagkamalikhain.

UPON: May mga paksa ka bang naiisip o gustong pagtuonan sa ngayon?

UPON #2/2023 (FIL)

Maria: Tinitingnan ko 'to na as a learning exercise para i-decentralise ang enerhiya sa pagkakaisa at paglikha , pati na rin ang paglilipat ng kapangyarihan palabas sa sentro ng paglikha at organisasyon. Paano nga ba ito nagbabagong hugis? Makikita natin ang halimbawa ng mga ito sa ekolohiya at kalikasan: ito ay walang katapusan. Ang lahat ay nagbabago ng anyo, at nagbibigay-buhay rin sa iba pang anyo. Nasasabik ako na makita ang aming mga collaborator na ihatid sa iba't ibang espasyo at personal na espasyo ang kanilang mga ginagawa. Alam kong may maitatanim akong pagkamalikhain sa proseso ng pagpapatatag ng pagkakaisa sa iba't ibang bansa, at ito ay magsisilbing tulay sa buhay na danas, dahil karamihan sa ginagawa naming ay expression o pahayag. Ganito kami kung bumuo ng likas na ugnayan sa mga tao mula sa iba't ibang lugar.

Padma: Marami kaming ideya na hindi pa nasusubukan, kaya nakakatuwang iisipin kung ano ang puwede naming magawa sa mga iyon. Para sa lahat at walang nagmamay-ari sa mga ginawa namin noon sa Agam Agenda. **Sa mga workshop na idinaos namin sa mga komunidad, online man o face to face, talagang binigyang-diin namin na kahit sino ay maaaring gawin at dalhin ito saan mang lugar.** Sana, ang mga kasama natin ngayon, at ang mga sumasali sa atin ngayon ay nakakapulot na ng mga binhi o ideya patungkol sa samu't saring bagay. Puwede nilang subukan ang collaborative forms ng malikhaing pagpapahayag. Ang pinakamaganda talaga rito ay hindi mo alam kung ano ang makukuha mo at ang kahihinatnan nito, na kadalasan naman ay higit pa sa inaasahan mo mula sa kolaborasyon.

UPON: Maraming salamat. Tingin ko ay nagdulot ng matinding inspirasyon ang inyong collaborative approach gamit ang pagkamalikhain, sining at kultura. At may malaking epekto ang kolektibong pagpapahayag at pag-unawa sa politikal at personal na antas. Salamat sa masayang panayam at umaasa kami sa mga susunod pang pagkikita natin.

UPON #2/2023 (FIL)

Hybrid Talk kasama si Padmapani L. Perez, dating Lead Strategist for Creative Collaboration mula sa Agam Agenda (Quezon City) kasama ang dating team, Carissa Pobre, Maria Faciolince at Lorene Blanche Goesele, Valeria Schwarz bilang bahagi ng PRAXIS WOCHE na inorganisa ng Urbane Praxis e.V.

Ginanap ang panayam noong Setyembre 6 sa Floating University (Berlin).

Nag-transcribe at nag-edit: Lorene Blanche Goesele

Nag-proofread: Haley More

Nagsalin sa Filipino: Beverly Wico Siy

Nakipag-ugnayan sa publiko: Lorene Blanche Goesele, Dana Schneider

Credits para sa mga photo: @GRAPHIC DESIGN: Jogjakarta mural by Tamarra and Bodhi IA, AC Dimatac, Aila Molasco, Maria Faciolince

Ang UPON ay isang serye ng mga panayam na tumatalakay sa mga gawain sa mga urban na mga lugar mula sa isang inklusibo, multilinggwal, may konteksto, at peministang pananaw. Bilang isang plataporma para sa pagpapalitan ng mga ideya at kolektibong pananaliksik tungkol sa mga gawain sa urban na mga lugar sa internasyonal na konteksto, nakikipag-ugnayan ang UPON sa mga alagad ng sining, urbanist at aktibista sa buong mundo.

Ang UPON ay sinimulan ni Lorene Blanche Goesele (isang transformation architect at transdisciplinary artist) at katuwang na inorganisa ni Valeria Schwarz (artist, curator, art mediator at isang ina), sila ay suportado ng team UP office. Ang serye ng panayam na ito ay suportado ng Senate Department for Urban Development, Building and Housing bilang bahagi ng pagpapalawak ng Netzwerkstelle Urbane Praxis, na pinangungunahan ng Urbane Praxis e.V.